# Dansoli

**STEFANI J ALVAREZ**
Cagayan de Oro City / Saudi Arabia
stefanijalvarez@gmail.com

*hayaang bumukadkad ang daang bulaklak,*
*hayaang magtagisan ang daang kaisipan…*

Ipinatawag ako ng aming adviser. Kinausap niya ako tungkol sa aking isinumiteng maikling kuwento na ilalathala sa school paper. “Duol na ang deadline, kung naa ka pay ubang short story nga nasulat,” pahayag niya habang pinagmamasdan ang papel kung saan nakamakinilya ang aking kuwento. Hindi ko matantiya kung humihiling ba siya ng bagong akda o kinukuwestiyon ang nakalatag kong kuwento.

Patapos na ang lay-out ng aming school publication, at ang maikling kuwento ko na lang ang hinihintay. Pina-revise ang nauna kong ipinasa at kung maaari ay palitan ko raw ng bago o ng ibang kuwento. Ito ang kaniyang rekomendasyon. Hindi raw kasi maaaring ilathala iyon lalo na sa isang pampaaralang pahayagan. “Mga Buwaya sa Baranggay Hall,” binasa niya ang titulo, ang kuwentong nakamakinilya sa isang letter sized paper. Walang problema sa kanya bilang school organ adviser ngunit hindi siya sigurado kung maiintindihan ito ng mga guro at mag-aaral, ng mga magulang, at iilang makakabasa labas sa paaralan. *Maiintindihan*, may understatement ang kaniyang pagkakasabi. Alam kong ang ibig niyang sabihin ay *matatanggap*. Hinintay ko pa rin siyang magkomento hindi lang sa titulo ngunit sa kabuuan ng aking kuwento. Iyon naman ang laging hinahanap at hinahangad ng bawat estudyanteng nangangarap maging manunulat. Na habang binabasa ko ang mga

kuwento, sanaysay, at mga tula sa textbook, naroon ang pag-aasam na balang araw, mailimbag din ang aking mga akda at mababasa rin ng mga mag-aaral, ng kapwa ko kabataan. Alam rin niyang naghihintay ako sa kaniyang critique kahit kanya nang ipinahayag na hindi mailathala ang naturang akda.

Tulad ng dati, nakatitig ako sa hawak niyang papel. Sandali niya itong sinilip. Iyong pagsilip sa aking iniisip habang pinapasok ko ang katahimikang namagitan sa amin. Hindi raw ang sinasabi kong cliché sa paggamit ng metapora. Nagustuhan pa nga niya ang paghalaw ko nito sa *Luha ng Buwaya* ni Amado V. Hernandez na naka-assign sa akin noon sa aming asignaturang *Pagbasa*, isang individual report para sa kahingian dito. Pinili ko ang nobelang iyon na tungkol sa mga magsasakang nagkaisa, kasama ang kanilang lider na isang school teacher, upang labanan ang pananamantala at pang-aangkin sa lupa ng gahamang pamilyang Grande.

"Kabalo ka ba kung kapila ni nako gibasa?" Hindi raw siya nakatulog sa gabing iyon nang mabasa niya ang aking isinumiteng maikling kuwento. Naisalaysay rin niya ang tungkol kay Ka Amado habang sinusulat ang manuskrito ng nobela na nakapiit sa kulungan at tumatayong editor sa Muntinlupa Courier, isang prison newspaper.

Dahil hindi kailanman magiging gasgas ang patuloy na pakikipaglaban ng mga naaapi para sa karapatan at kalayaan. Nagustuhan niya na tila isang adaptasyon sa kasalukuyang panahon ang aking maikling kuwento. Ang karakter na lider ng unyon ay isa ring guro na hindi ikakailang nagtuturo rin sa isang pampublikong paaralan. Samantala ang PoV ay sa isang high school student na editor-in-chief ng school paper.

Inabot niya sa akin ang papel. Tiniklop ko. Maingat kong tiniklop pahalang at lumabas na ako sa kanyang opisina. Bumalik ako sa classroom. Oras ng recess. Halos lahat ng mga kaklase ko'y nasa labas, abala sa kani-kanilang mga ginagawa, nagkukuwentuhan, ang iba'y nagmemerienda, ang iba'y hawak ang nakahumalingang pocketbooks. Ako man din, minsan iniipit ko sa pagitan ng HEKASI textbook ang romance novel nina Helen Meriz, Zoila, Gilda Olvidado at iba pang manunulat na hinahangaan ko sa tiglimang pisong second-hand pocketbooks sa bangketa. Naupo ako sa desk. Binuksan ko ang aking kuwaderno. Iyong notebook na hiwalay sa mga asignatura. Naroon ang ilan kong drafts ng tula at iba pang kuwento, minsan naman nagmumukhang collage ang mga pahina dahil sa samu't saring pinagdidikit na ginupit na larawan at article mula sa magasin at pahayagan. Sinubukan kong pausarin ang bolpen. Sa labas ng bintana, natatanaw ko sa 'di kalayuan ang isang hardin. Naroon ang iba't ibang uri ng halaman at mga bulaklak. Mula sa matitinik na cactus, mga naglalambiting vines, naggagandahang rosas, iba't ibang klase at kulay ng bougainvillea, santan, at gumamelang pumapalibot sa kabuuang perimetro. Palibhasa'y ni-require bilang Science project lalo na ng nasa ikalawang taon ng hayskul. Bukod pa rito may kanya-kanya ring garden ang bawat section para naman sa Home Economics. Lumabas ako't tinungo ang hardin. Kapansin-pansin na nakamarka sa bawat pananim ang siyentipikong ngalan habang sa ibaba ang karaniwang katawagan. Parang mga raliyistang may bitbit na plakard. Hindi man tungkol sa mga hinaing at mga pagtutol ang nakasulat roon ngunit saan nga ba nagsisimula ang nais isulong ang karapatan at paninindigan kundi mismong sa pagkakakilanlan.

Inikot ko ang paligid. Tila nagbabakasakaling mahanap kung may makita akong pangalang *dansoli*. Ayon sa mga sinaunang kuwento sa aming lugar, ang *dansoli* ay isang bulaklak. Maaaring dito ipinangalan ang aming baranggay dahil napapalibutan ng napakaraming bulaklak raw na *dansoli* noon. Ngunit kung itatanong mo kung saan makakakita ng *dansoli*, hindi alam ng kahit sinong residente, kahit ng mga matatanda sa amin. At kung bakit bigla na lang naglaho ang mga *dansoli*, lingid rin sa aming kaalaman. Ito na sana ang nais kong ikuwento noon. Ngunit baka magtatapos sa isang alamat. Wala akong mahanap na basehan kung ano nga ba ang hitsura ng nasabing bulaklak na pinagmulan

diumano ng pangalan ng lugar na aking kinalakhan. Kamukha ba nito ang mga boungainvillea? Kasimbango ba ito ng rosas? Sa panahon ba ng tag-ulan o ng tag-init, o sa anong buwan ito namumulaklak? Katulad ba ito ng dama de noche na sa gabi ang oras ng kanyang halimuyak? Bulaklak ba ito ng mga diyos at diyosa sa gubat? Hindi ko na itinuloy ang paghahanap sa *dansoli*. Mananatiling bulaklak na may pangalan ngunit walang nakakaalam at nakakakita sa tunay nitong hugis, anyo, at bango. Mananatili na lamang sa imahinasyon. Ngunit hindi ko hahayaang maging tulad ito ng aking mga kuwento. Muli kong binuklat ang papel.

*Maaaring hindi mo maiintindihan kung sasabihin kong ang aking mga kuwento ay hindi paglalantad sa mga nawawala, o pagbibigay boses sa mga binusalan. Hindi ito pagsasalaysay sa mga hindi pa naibubunyag dahil nariyan sila. Silang mga pinagkaitan. Patuloy na titindig at makikipaglaban. Kaya hindi ako mag-iiwan ng blangkong papel. Pupunuin ko ng aming mga kuwento upang patuloy na ipapaalala...*

Kasagsagan iyon ng logging at mining sa mga liblib na lugar sa Cagayan de Oro pati na sa aming baranggay. Kabilang ang aming lugar sa 24 barangay sa kanlurang bahagi ng siyudad at matatagpuan malapit sa hanggahan ng Bukidnon. Kung babaybayin ang isang napakahabang highway, na karaniwa'y lubak-lubak, maalikabok sa hindi matapos-tapos at putol-putol na pagsesemento at pag-aayos sa kalsada na nangyayari lang tuwing papalapit ang eleksyon, nagdurugtong ang kabuhuyan ng mga magsasaka mula sa pinakadulong lungsod – ang Talakag sa Bukidnon hanggang sa maliliit na sitio at baranggay. Madadaanan naman ang napakalawak na kakahuyan, animo'y uod ang mga kalawanging dyipning umuusad sa highway na lagusan sa magkakatabing mga kabundukan. Madudungawan ang ilog sa Kabula na nagsisilbing border sa magkatapat na malalawak na lupain. Naroon din ang makasaysayang Macahambus Cave kung saan naganap ang ilang labanan noong Philippine-American War. Kilala naman ang Brgy. Lumbia dahil dito matatagpuan ang domestic airport, samantala ang Bayanga at iba pang sitio ay tila kanbas ng malalapad na sakahan at niyugan, ang kasunod ay ang Mambuaya na naroon ang Mambuaya National High School, ang kinikilalang alma mater ng mga estudyanteng nakatira sa mga karatig baranggay. At sa dulong bahagi na may layong dalawang oras na biyahe mula sa sentro ng siyudad matatagpuan ang aming baranggay.

Napagpasyahan naming magsagawa ng isang barikada kasama ang ilan pang kabataan. Siguro nasa sampu kaming nanguna kasama ang ilang miyembro ng Sangguniang Kabataan. Nakahanda na ang mga ginupit na sako at kartolina para gawing plakard. Dalawang lata ng pinturang itim at pula, mga pentel pen at iba pang gamit sa aming kampanya sa pagpapatigil sa iligal na pagtotroso at pagmimina. Inayos na rin ang harang ng checkpoint. Tatlong magkakapatong na mahahabang kawayan ang tila nakadipa sa gitna ng kalsada at sa dulo nito ang isang sako ng graba habang sa kabilang dulo naman ang sabitan ng lubid sa tuwing hihilahin pababa at pataas. Kinumpuni na rin ang maliit na cottage na katabi nito. Tulong-tulong ang mga tanod sa pag-aayos ng dingding at atip na nipa. Kami nama'y nilinisan ang palibot, tinanggal ang mga talahib at pininturahang muli ang nakamarkang CHECKPOINT sa plywood. Inayos rin namin ang maliit na abuhan sa sulok upang magamit sa pagpapakulo ng tubig o kaya'y sa pagsasaing. Nagdala kami ng ilang gamit sa pagluluto, ng kaldero at kawali, mga plato, kutsara at baso. Kasama ang ilang opisyal ng baranggay, mga tanod, at ilang residente, nagkaroon kami ng maiksing pagpupulong bago simulan ang kampanya. Pinirmahan ni Chairman ang aming permit sa gagawing barikada. Dahil hindi lang rali ang mangyayari kundi haharangin namin ang mga sasakyang kinakargahan ng troso. Madaling araw ang karaniwang iskedyul sa paglabas ng ten-wheeler trucks. Isinara namin ang checkpoint sa oras na iyon.

Unang gabi ng barikada, walang dumaang truck. Napakatahimik. Kasintahimik ng gabi. Naisip naming natunugan o kaya'y may nakapagbigay ng impormasyon tungkol sa aming ginawang aktibidad. Dahil hindi maikakailang may ilan kaming kapitbahay na nagtatrabaho sa logging at mining. Ang iba nga'y nagnenegosyo rin lalo na iyong nagmamay-ari ng pampasaherong dyip. Tablon

ang tawag sa kahoy na ini-smuggle at itinatago sa ilalim ng mga upuan ng dyip. Mas maliliit ang mga ito kumpara sa trosong hinahakot ng mga trak. Ngunit kabilang din ito sa operasyon ng mga nagpapatakbo ng logging. Hanggang sa natapos ang hiningi naming isang linggong permit, kahit isang sasakyang kahina-hinalang may kargang illegal ay walang dumaan. Binaklas namin ang aming mga plakard. Tila bigo kaming harapin ang gumawa ng illegal na pagtotroso at pagmimina sa aming barangay.

"Dili na uso si Rizal karon." Isang kakilala ang nagkomento tungkol sa aming ginawang kampanya.

Ipinaliwanag kong hindi naman pagpakabayani ang aming barikada. Isa itong pagpapahalaga at pangangalaga sa ating kalikasan. Isa itong pangunahing tungkulin bilang mamamayan.

Sinabayan nila ng tawanan ang kahol ng mga aso. Nakakalungkot na hindi ko kayang harangan ang kanilang paniniwala. Iyon ang isa sa pinakamahirap harapin.

Naging abala ako sa papalapit na graduation. At sa mga panahong iyon, pinaghahandaan ko rin ang pagpunta sa Ilagan, Isabela upang dumalo para sa National Schools Press Conference. Naging contestant ako para sa kategoryang News Writing in Filipino. Maaaring di ko na inaasahang manalo sa patimpalak, sapat na sa akin ang danas at inspirasyong ipagtuloy ang pangarap na maging manunulat.

Dumating ang bakasyon sa eskuwela. At mas naobserbahan namin ang mga dumaan na trak na animo'y dambuhalang halimaw. Sunud-sunod iyon. Walang humpay na paghahakot ng troso. Nagkaisa kaming muli na magsagawa ng barikada. Parang paglalamay ang aming kampanya. Salitan kami sa oras ng pagbabantay sa checkpoint. Shifting ng oras ng grupo sa pang-umaga at pang-gabi. Palitan sa responsibilidad ng paghahanda ng pagkain at merienda. Hindi lang pagkakaibigan o ang organisasyon ang masasabi kong naitatag kundi napatatag ang kolaborasyon, ang samahan para sa iisang layon. At sa gitna ng kalaliman ng gabi, walang takot naming hinarang ang isang truck na may kargadong troso.

"Naa moy permit? Naa man pud koy permit." Ang paghahamon ng driver ng ten-wheeler truck. Ipinakita niya ang bitbit na papel na pirmado ng kung sinumang awtoridad na nagbigay ng permiso para sa illegal na pagtotroso. Inimbitahan namin silang pag-usapan ang namamagitang di pagkakaunawaan sa loob ng barangay hall. At nagsimulang nagkoroon ng komosyon.

"Peke man na!" sigaw ng kasama namin.

"Kamo ang peke nga mandakupay! Peke mo nga DENR!" sagot naman ng loggers. Katwiran niya, tatlong checkpoint sa Mambuaya, Bayanga, at Lumbia ang madadaanan bago marating ang siyudad. Wala namang nanghuli. Walang nangharang kahit pa ang PNP at DENR na nakabase sa bawat checkpoint.

"Walay mandakop, kay naa man mo'y padanlog," tugon ng kasama namin tungkol sa ibinibigay na padulas o suhol sa mga pulis at ilang opisyal ng DENR. Isang malaking paratang ngunit marami ang nakakaalam sa ganitong kalakaran sa kanilang operasyon.

Mula sa batuhan ng salita, nagkabaklasan ng plakard hanggang sa humantong sa isang magulong sigawan at konprontasyon sa pagitan ng loggers at aming grupo.

"Di ba unsay giingon nako kaninyo?" ang pahayag ng aming Brgy. Chairman. At ngayon, kami pa ang tinanong ng opisyal ng baranggay, ang mismong pinakapuno sa aming lugar tungkol sa aming ginagawang barikada. Paliwanag niyang baka mas lalala pa ang sitwasyon kung maghuhuramentado ang mga nagtatrabaho sa logging at mining. Ang ikinabahala niya, maaaring armado ang mga ito.

Hindi ako makapaniwala kung paano kami tinalikuran ng taong inaasahan naming tutulong at magpapatatag sa aming kalooban. At batay na rin sa narinig namin noong gabing iyon, kabilang ang tatlong dyip ni Chairman sa humahakot ng tablon. Kaya takot siyang harapin ang isyu at madamay pa ang kanyang lihim na negosyo.

Nagdaan pa ang ilang araw, walang tigil ang operasyon. Hindi rin kami tumigil sa pagbarikada. Lumapit kami sa isang radio station upang isiwalat ang isyu. Humingi kami ng tulong sa isang NGO na pinangungunahan ng mga pari at madre, gayundin, nakiisa kami sa mas malaking barikada na ginanap sa harap ng Searsolin. Dito naibunyag ang lahat-lahat. Dito ko nakita ang mas malaking hulagway ng korapsyon. Sa isang forum, naibahagi ko ang karanasang naitala sa aking kuwaderno.

*Bangungot para sa akin ang mga panahong iyon nang binantaan akong patayin ng isang lasing na trabahante sa logging. Tanghaling tapat, pauwi ako sa amin galing sa pagpupulong ng mga kasamahan sa kampanya. Naririnig kong may sumisigaw na harapin ko kung matapang akong humarang sa mga ginagawa naming barikada. Sa takot ko, lumayo ako. Tinulungan ako at itinago sa kuwarto ng mag-asawang nakakitang tumatakbo ako palayo sa nakasunod sa akin na may dalang palakol. At ayon sa mga nakasaksi, dahil sa galit na hindi ako nahanap, tinadtad ng trabahante ang puno ng madre cacao at pagkatapos ay nagpaputok ng baril. Hindi ako nagsumbong sa baranggay o nagsampa ng kaso sa pagbabanta na kung hindi ako makakatay, .45 ang bubutas sa aking sintido. Sa halip, kinausap ko siya sa panahong hindi na siya lango sa alak. Naintindihan ko ang kanyang poot. Na, kung mahinto ang logging at mining dahil sa aming pagwewelga, mawawalan sila ng ikabubuhay. At mas naintindihan kong may pamilya siyang binubuhay mula sa kanyang kinikita. Ngunit hindi siya ang aming kaaway. Kundi, ang sistema na patuloy na nagpapahirap sa kalagayan ng lipunan.*

Mula sa aming classroom, natatanaw ko ang pamumulaklak ng isang natatanging bulaklak. Nilapitan ko upang tingnan ang pangalan nito. Wala akong nakikitang maliit na plakard. Wala sa hardin ngunit kasama ang iba pang halaman at mga bulaklak na tulad niya ay walang nakatatak na pangalan.

*Dili ni apil sa Science project.* Naisip kong bahagyang natatawa habang pinagmamasdan ang halamang namumulaklak sa isang lumang lata ng pintura.

"*Dianthus caryophyllus…*" ang wika na narinig ko mula sa likuran. "Carnation." Nilingon ko, ang aming school paper adviser. "Ingon nila, mao daw nang bulak nga mitubo sa dihang mihilak si Birheng Maria sa tungod sa krus ni Hesus," panimula niyang pagkukuwento. At hinayaan ko siyang magpatuloy sa pagsasalaysay sa isang napakagandang kuwentong taglay ng carnation. Noong 1974, naging simbolo raw ang nasabing bulaklak sa isang payapang rebolusyon sa Portugal – ang Carnation Revolution. Nagsimula sa kudeta at sa kalaunan, kasama nang nagkakaisang mga sibilyan na nagpabagsak sa 48 taong awtoritaryanismong pamamahala ng rehimeng Estado Novo. At sa pagdiriwang ng pagpapatalsik sa diktadurya, walang putok ng baril na umalingawngaw o dugo na dumanak, kundi pag-aalay ng bulaklak ang nagpapaalala.

Matagal kong pinagmasdan ang bulaklak sa aking harapan. Kasintagal ng mga kasaysayang nababasa lamang sa teksbuk, tulad rin ng mga panahong naglaho't tila naibaon na sa limot ang

hulagway, ngunit mananatili ang ngalan ng isang bulaklak. May angking bango o tinik man o wala. Mananatili ang *dansoli* sa aking haraya. Mananatiling nakakapit ang mga ugat at ang kanyang pamumulaklak sa aking dibdib.

---

Si **STEFANI J ALVAREZ** ay manunulat mula sa Cagayan de Oro City at Saudi Arabia. Nagkamit ng National Book Award ng Manila Critics' Circle ang kanyang unang librong *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* (Visprint, 2015). Autobiographical at confessional writing ang estilo ng kanyang panulat. Nalathala na ang ilan sa kanyang mga akda sa *Liwayway* at iba pang antolohiya.